RICE KOMIKS

Kontroladong Pagpapatubig

Istorya at Guhit ni Andrei Lanuza



Sa panahon ng unang pagpapatubig o bago ang simula ng tag-ulan, iayos ang mga pilapil at kanal para sa agad-agad na pag-araro ng lupa na di naaantala. Maglipat-tanim kung tag-ulan, lalo kung marami ang suplay ng tubig. Sabog-tanim naman ang paraan kung bitin ang tubig.



Kailangang pantay ang lupa habang inihahanda upang pantay rin ang ang distribusyon ng tubig. Mula sa paghahanda hanggang 30 araw pagkatapos magtanim ay 2-3 sentimetro lang ang babaw ng tubig. Sapat na ito para lang makontrol ang damo. Mas epektibo pa ang paggamit ng palay sa mga sustansya sa lupa at abono.

Sa paraang lubog-litaw, napapatubo nang mahusay ang mga punla, nasisiguro ang mabilis na pagrekober ng lipat-tanim, napapadali ang pagsusuwi na nagreresulta sa pantay-pantay na pagyabong ng palay.